タガログ語　B-6

# ◆ May mga rules ang Fuji city ayon sa pagtapon ng basura ◆

- Mangyari lamang na itapon ang basura nang hindi lalampas ng 8:30 ng umaga sa araw ng pagkolekta.
- Nagkokolekta rin sa mga holiday. (Hindi nagkokolekta sa Linggo, at sa katapusan at simula ng taon.)
- Mangyari lamang na tiyakin sa "Koho Fuji" (newsletter) o sa website ng lungsod ang schedule sa katapusan at simula ng taon.
- Gamitin lamang ang "San-Aru" na app para sa paghihiwalay ng basura.

"San-Aru"


Android　ios

## Nasusunog na basura：Lunes、Huwebes



●May itinalaga ang Fuji city na [supot para sa masusunog na basura] ilagay ang basura , sa isang Linggo na puwedeng itapon ng dalawang beses ,itapon sa pinag kokolektahan ng basura.

●Hangga't maaari, tanggalan ng tubig ang mga basura mula sa kusina.



Basura sa kusina　Uri ng goma　Produktong mga plastik (Plastic na walang na marka)　Nadumihan ng mantika at pintura na papel at tela Tissue paper

## Produkto ng plastic na pambalot：Biyernes



Ito ang marka (プラマーク pura)na nakamarka

●Itinakda ng Fuji city ilagay sa ［itinalagang lagayang supot］ isang beses isang Linggo itapon ito at kokolektahin na naiiresaykel.

●Supot mga lalagyan ng kalakal, produkto ng plastic ang nasasaklaw.



Uri ng botelya、Plastik na supot / Pambalot na film、Cup , Uri ng mga pack、Uri ng tray、Mga uri ng shock absorber、Uri ng takip

## Uri ng papel：Pangalawang Sabado（Tapunan ng mga basurang pwedeng ma-recycle）


●Diyaryo (Kabilang ang mga folding flyers)

●Magazine（Kabilang ang mga aklat, note book, libro, diksyonaryo.）

●Karton

●Pack na gawa sa papel（Hugasan muna at buklatin bago itapon.）

Kung may aluminum ang nasa loob nito itapon sa ibang uri na papel.



Ipaghiwalay ayon sa uri, itali gamit ang papel na tali, at itapon.

●Sa ibang uri na papel

Mga ibang uri ng papel, diyaryo,magazine ,karton,mga pack na hindi na nasasama sa uri ng lumang papel.

Maaaring itapon sa alinman sa mga sumusunod na paraan.

- Balutan ng papel at talian.
- Ilagay sa supot na papel at itali.
- Ilagay sa supot para sa recyclables.

## Recyclable basura・Ibinabaon：Martes（Tapunan ng mga basurang pwedeng ma-recycle）

### Mga damit, uri ng futon：Pang-apat na Linggo ng Buwan

●Mga damit

Mga damit at tela ,mga uri ng sapatos mga uri ng maliliit na bagay [ilagay sa nakatakdang supot na nairiresaykel]

Itali ang supot bago ilabas. Maaari ring itapon ang mga damit sa kahon para sa pagkolekta ng mga damit na nakalagay sa pampublikong pasilidad tulad ng Machizukuri Center atbp.

Mangyari lamang na labhan at patuyuin bago itapon.

Nasusunog na basura ang nasira



●Uri ng futon

Ang mga futon at makapal na kumot bago ilabas talian muna ito.

Hindi maaaring itapon ang futon at kumot sa kahon para sa pagkolekta ng Machizukuri Center atbp.


Mag -ingat: Pag umuulan huwag itong ilabas (huwag itong ilabas kung umuulan)

### Lata / Mga metal：Pangatlong Linggo ng Buwan

●Lata

Hugasan ang loob ng lata at ilagay sa Fuji shi「nakatakdang supot na naiiresaykel」at itapon.

Huwag yuyupiin ang lata sa dahilang hindi ito maiirisaykel kung yupi ito.



Inuming nakalata (aluminyo,bakal)　Mga delata　Mababa ng 4 liters na lata

●Mga metal

Mga metal ay ilagay sa supot at itapon ng ganito.

Itapon ang natitirang petroleum at tanggalin ang bateriya.



Latang higit sa apat na litro　80 porsyento pataas na gawa sa metal. (Microwave oven at iba pa)

Bisikleta

Mangyari lamang na kanselahin ang rehistro laban sa krimen sa tindahan kung saan binili ang bisikleta bago ito itapon.

### Bote・Pet bottle：Unang Linggo ng Buwan

●Bote


Mangyari lamang na ilagay sa container na nakalagay sa tambakan sa umaga ng 1 beses/buwan na araw ng pagkolekta.

Huwag ilagay sa container nang nakapaloob sa plastik na supot at iba pa.

【Bago itapon】

①Alisin ang takip

②Hugasan ang loob





Hindi kinokolekta ang mga sumusunod na bagay sa araw ng bote.

Puting bote, Kristal, tablang Kristal, fluorescent tubes, ceramics, basag na bote, tasa

●Pet bottle

Mangyari lamang na ilagay sa net para sa pagkolektang nakalagay sa tambakan sa umaga ng 1 beses/buwan na araw ng pagkolekta.

Huwag itapon na nakalagay pa sa supot, pet bottle lamang ang itapon.

Mga takip na plastik at etiketa ay sa lalagyan ng plastik na supot.

【Bago itapon】

①Alisin ang mga takip at etiketa

②Hugasan ang loob at patuyuin

③Tapakan ito at ng konti at yupiin



### Mga ibinabaon atbp.：Pangalawang Linggo ng Buwan

●Ibinabaon

Basag na bote,,matalas na bagay gaya ng kutsilyo,bombilya balutin ng diyario at isulat ang kung ano ang laman nito at ilagay sa transparent na supot.

●Maliliit na appliances

Ang mga bagay na ang 80 porsyento at gawa sa metal o lata ay itapon sa araw ng mga metal.

●Malalaking bagay (Furniture)

●Flourescent tubes

Mga hindi basag na flourescent tubes balutin ng papel o yung pinaglagyan ng kahon nung binili ito doon ilagay at itapon.

●Mga bateriya

Sa lugar na tapunan may pulang lata na lalagyan ng bateriya ,itapon dito ang bateriya.





●Spray na lata

Mangyari lamang na alisan ng lahat ng laman, huwag butasan, ilagay sa walang kulay at transparent na supot at itapon.

●Disposable lighter

Mangyari lamang na alisan ng lahat ng laman, ilagay sa walang kulay at transparent na supot at itapon.

#### Tungkol sa pagdadala ng basura sa Shin-Kankyo Clean Center

Sa Shin-Kankyo Clean Center, tinatanggap nang libre ang mga basurang nagmula sa tahanan na kinokolekta sa lungsod (liban sa mga lumang papel).

Address:676 Oobuchi Fuji city

Oras ng pagtanggap

Lunes hanggang Biyernes (Piyesta opisyal: Kailangang magpareserba) 8:30～12:00 , 13:00～16:00

Sabado (Kailangang magpareserba) 8:30~11:00

1、Makipag-ugnayan sa Shin-Kankyo Clean Center tungkol sa nilalaman ng dadalhing basura.

2、Ipagbukod-bukod tulad ng kapag magtatapon sa tambakan.

3、Kunin ang IC card sa lugar para sa pagsusukat ng timbang sa pasukan, at sukatin ang timbang.

4、Ihulog ang nasusunog na basura at recyclables sa nakatalagang lugar sa gusali para sa pagkolekta ng resources.

#### Telebisyon, refrigerator ,freezer ,washing machine, laundry dryer, airconditioner, at bike ay hindi ito kinokolekta ng city.

Mapagtatanungan：

①TV, refrigerator, freezer, washing machine, clothes dryer, aircon

→https://www.rkc.aeha.or.jp/

②Autobike, motor bike

→https://www.jarc.or.jp/motorcycle/

①　②

#### Paraan para sa pagriresaykel ng Personal Computer

Sa area ng kinokolekta ang basura ay hindi ito makokolekta kaya mag-ingat sa pagtapon.

Kung dadalhin sa Shin-Kankyo Clean Center ay walang bayad nakinukuha.

Maaaring humiling sa maker ang nais na itapon na personal computer.


Mapagtatanungan：Dibisyon ng Waste Measures sa Fuji City Hall.

ka-haikibutu@div.city.fuji.shizuoka.jp